APPLICATION

- Pinapahalagahan mo ba ang iyong pamilya? Ano kaya ang kailangan mong baguhin upang mas mapahalagahan mo pa ang iyong pamilya?
- Sa paraan mo ng pakikipag-ugnayan sa iyong mga kapamilya, nakikita mo ba kung paano ka binago ng Diyos? Papaano makakatulong ang iyong pananampalataya at pagsunod sa Diyos na mapalapit sa Kanya ang iyong pamilya araw-araw?
- Paano mo mamahalin at paparangalan ang iyong pamilya ngayong linggo? Ibahagi ang iilang mga praktikal na bagay na magagawa mo
  upang ipakita ang iyong pagpapahalaga, pag-aalala,

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa iyong pamilya. Isuko ang anumang pagkabahala at problema na iyong kinakaharap. Magkaroon ng pananalig na itataguyod ka ng Diyos sa kakaiba at dakilang kaparaanan.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang mahalin at parangalan ang iyong pamilya. Manalangin para sa karagdagan na grasya, pagtitimpi, at karunungan para sa iyong mga ugnayan.
- Manalangin para sa kaligtasan ng iyong kapamilya na hindi pa naninilbihan sa Diyos. Manalig sa Diyos para sa pagkakataong makapagbahagi ng ebanghelyo sa kanila.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory®
is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph

FILIPINO **WEEK 5**

Pinapahalagahan Natin ang Pamilya

NOTES

WARM-UP

- Ano ang kinagigiliwan mong alaala ng iyong pamilya?
- Ibahagi ang isang bagay kung saan kilala ang iyong pamilya.
- Papaano mo pinapakita sa iyong kapamilya na pinapahalagahan mo sila?

WORD *"Tutuparin ko ang kasunduan ko sa iyo at sa mga lahi mo, na patuloy akong magiging Diyos ninyo. Ang kasunduang ito ay magpapatuloy magpakailanman."* **GENESIS 17:7**

Ideya ng Diyos ang pamilya. Ang Kanyang perspektibo ay palaging pangmatagalan at pangmaramihang henerasyon. Ang mga buhay natin ay hindi lamang tungkol sa ating mga ginagawa, kundi tungkol din ito sa mga henerasyong darating. Ang mga pamilya natin ay biyaya galing sa Diyos, kahit ano pa ang diperensya o mali rito. Sa aralin na ito, titingnan natin ang tatlong mahahalagang sangkap ng paghubog ng mga makaDiyos na pamilya na magbibigay-luwalhati sa Diyos.

1 Pananampalataya

Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari kahit hindi pa niya nakikita. Kaya gumawa siya ng isang barko para mailigtas niya ang kanyang sarili at ang pamilya niya. At sa pananampalataya niya, hinatulan ang mga tao sa mundo, pero itinuturing siyang matuwid ng Diyos. **HEBREO 11:7 (TINGNAN DIN ANG GENESIS 6:9-22.)**

Kinutya ng kumunidad si Noe nang niyari niya ang malaking barko sa pagsunod niya sa Diyos. Akala ng lahat na siya ay nababaliw—lahat maliban sa kanyang pamilya. Sinundan siya ng kanyang pamilya hanggang sa barko nang walang tanung-tanong (Genesis 7:7,13). Papaano naaapektuhan ng iyong pananampalataya at pagsunod sa Diyos ang iyong pamilya? Papaano nasagip ng pananampalataya ni Noe ang kanyang pamilya? Bakit kaya hindi nahirapan ang kanyang pamilya na sundin siya?

2 Pag-ibig

Ganoon pa man, dapat mahalin ng lalaki ang asawa niya tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili. At kayong mga babae, igalang n'yo ang inyong asawa. **EFESO 5:33**

Ang Bibliya ang may huling salita sa ating mga ugnayan, at inuutusan tayong mahalin natin ang isa't isa. Nakikita ang pag-ibig sa kung paano inaalagaan ng asawang lalaki ang kanyang kabiyak, kung paano ginagalang ng asawang babae ang kanyang kabiyak, at kung paano nagbibigayan ang bawa't isa sa pamilya dahil sa paggalang sa Diyos (Efeso 5:21). Kung sa bagay, makakapagmahal lamang tayo sa ating mga kabiyak, mga anak, at kaanak dahil sa walang pasubali at kahanga-hangang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Paano pinapaliwanag ng Bibliya ang pag-ibig (1 Corinto 13:4-7)?

3 Pagbibigay Karangalan

2 "Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. 3 At ganito ang pangako: "Nang sa ganoon ay guminhawa ka at humaba ang buhay mo rito sa lupa." **EFESO 6:2,3**

Dahil pinakadakila ang Diyos, pinili Niya ang pamilyang kabibilangan natin at kung sino ang magiging magulang natin. Tayo ngayon ay inuutusan na bigyang-dangal ang ating mga magulang at makitungo sa kanila nang may paggalang at grasya. Ano ang ibig sabihin ng paggalang sa magulang? Bakit kaya may kalakip na pangako ng biyaya at mahabang buhay ang kautusang igalang natin ang ating mga magulang?